

Mahal na mga Magulang at Tagapag-alaga:

Pakisuyong maglaan ng oras para kumpletuhin ang form na ito at ibalik sa paaralan ng inyong estudyante. Ang Education Benefits Form ay kumukuha ng impormasyon na kinakailangan upang matiyak na makatatanggap ang paaralan ng pondo mula sa estado at pederal para mga programang pang-edukasyon. **Kung wala ang impormasyong ito, maaaring mawalan ang ating paaralan ng mahalagang pondo para sa mga programang pang-edukasyon na kailangan ng ating mga mag-aaral.** Itong mga karagdagang grant at programa ay may potensiyal na makapagbigay ng suporta at serbisyo para sa ating mga mag-aaral kabilang ngunit hindi limitado sa:

- Instructional staff (hal. Mga Interventionist sa Pagbabasa, Mga Tutor sa Math, Mga Tulong sa Akademiko at Paggawi)
- Mga suplay at gamit sa pagtuturo
- Mga Tagapayo at Social Worker
- Mga Nars sa Paaralan
- Propesyonol na Pag-aaral para sa mga kawani
- Mga suplay at aktibidad para sa ugnayan ng Magulang at Komunidad
- Teknolohiya

Bakit humihiling ang paaralan ng pinansyal na impormasyon? Ipinapasya ng Education Benefits Form ang pagiging kuwalipikado ng isang mag-aaral o sambahayan. Ang kabuuang bilang ng kuwalipikadong mag-aaral ay ginagamit upang matukoy ang halaga ng pondo na ibibigay sa paaralan. Mas mainam kung mas maraming form ang maibabalik.

Ano ang kailangan kong gawin? Pakikumpleto ang kalakip na form at ibalik ito sa paaralan ng inyong anak.

Sa ano pa maaaring kuwalipikado ang aking mag-aaral o sambayanan? Batay sa impormasyong ibinigay ninyo sa inyong Education Benefits Form, ang inyong anak ay maaaring kuwalipikado sa ibang mga programa tulad ng:

- Magbayad para maglaro o Magbayad para Lumahok
- Mga programang nagbibigay ng suporta sa pagkain
- Mga programang nagbibigay ng suporta sa lakbay-aral
- Mga programang nagbibigay ng suplay sa paaralan o tumutulong sa mga bayarin sa paaralan
- Mga programang nagbibigay ng suporta sa bakasyon
- Posibleng suporta sa sambahayan para sa cable at internet

Dapat ninyong kumpletuhin ang **kalakip na Sharing Information with Other Programs form**, upang magbigay ng pahintulot na maibahagi ang inyong impormasyon sa pagiging kuwalipikado.

Kung mayroon kayong anumang tanong, pakikontak si bollingere@aaps.k12.mi.us sa 734-994-2265.